



Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan Modyul 8:
## Pasasalamat sa Diyos



Pangalan ng Mag-aaral:___________________________

Baitang at Seksyon:_____________________________

Paaralan: ______________________________________



## *Alamin*

Lahat ng mga biyayang ating natatamasa ay nanggagaling sa Diyos kaya nararapat lamang na atin Siyang pasalamatan at bigyang papuri. Hindi lamang sa mga materyal na bagay nasusukat ang mga biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa atin kundi ang pinakadakilang handog Niya sa atin, ang ating buhay.

Gaano ba kahalaga ang pagpapasalamat natin sa Diyos? At sa papaanong paraan natin maipaparamdaman o maibabahagi ang ating pasasalamat sa kapwa bilang kabahagi sa tagumpay na natatamasa natin sa buhay?

Sa modyul na ito mauunawaan mo ang mga kahalagahan sa pagsasabuhay sa iba't ibang paraan ng pagpapasalamat natin sa Diyos sa lahat ng kabutihan nito sa ating buhay.

**Kasanayang Pampagkatuto**:

- Nakapagpapakita nang tunay na pagmamahal sa kapwa tulad ng:

  Pagsasabuhay ng mga paraan ng pagpapasalamat sa Diyos.

**Code:** (**EsP5PD-IVe-i-15**)



## *Subukin*

**Panuto**: Basahin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Habang pauwi si Anton galing sa trabaho ay naaksidente siya nagtamo lamang siya ng di-malubhang mga sugot .

   Paano niya pasasalamatan ang Diyos sa kanyang panibagong buhay?

A. Pupunta sa dagat at magpakasaya.
B. Mag-oorganisa ng isang palatuntunan na alay sa sarili.
C. Pupunta sa ibang bansa para magbakasyon.
D. Magsisimba at mag-aalay ng dasal.

2. Paano mo pasasalamatan ang Diyos sa magandang buhay na iyong tinatamasa?

   A. Magbigay ng tulong sa mga kapuspalad.
   B. Magliliwaliw sa ibang bansa.

C. Bibili ng mga makabago at mamahaling gamit.
D. Magbibigay ng malaking halaga sa simbahan para maging tanyag.

3. Matagal bago nagkaroon ng anak ang mag-asawang Beltran. Tuwang-tuwa si Gng. Beltran nang nalaman niya na siya ay nagdadalantao.

   Paano nila ipapakita ang kanilang pasasalamat sa Diyos sa napakagandang regalong ibinigay sa kanila?

   A. Magbigay ng handog sa simbahan bilang pasasalamat sa Diyos.
   B. Magpost sa Facebook ng resulta ng ultra sound.
   C. Magpaparty at imbitahan ang mga piling kaibigan.
   D. Ipagsabi sa mga kaibigan ang magandang balita.

4. Ika-85 na kaarawan ng iyong lola. Paano pasasalamatan ng inyong pamilya ang kanyang mahabang buhay?

   A. Imbitahin ang mga mayayamang kaibigan.
   B. Ipagdiwang ang kaarawan ng lola kasama ang mga batang ulila.
   C. Mag-arkela ng banda para sa magarang selebrasyon.
   D. Mangutang ng pera para makapaghanda ng bongga.

5. Si Gng. Cruz ay isang mayamang negosyante. Bukas-palad niyang ipinamamahagi sa mga nasalanta ng kalamidad ang mga biyayang natanggap.

   Nagpapakita ba ito ng paraan ng pasasalamat sa Diyos?

   A. Oo, dahil isa itong paraan ng paggawa ng kabutihan sa kapwa.
   B. Oo, dahil mayaman siya marapat lang na magbigay din.
   C. Hindi, dahil may iba pang magandang paraan.
   D. Hindi, dahil pagpapakitang-tao lamang ito.

**Modyul 8**

# Pasasalamat sa Diyos



## *Balikan*

Sa nagdaang modyul, naunawan mo ang kahalagahan ng pagbibigay pasasalamat sa Diyos. Sa gawaing ito, babalikan natin ang iyong natutunan ukol sa kahalagahan ng pagbibigay pasasalamat sa Diyos.

**Panuto:** Isulat sa patlang ang Tsek (/) kung tama ang isinasaad ng pangungusap at ekis (x) naman kung ito ay mali.

_________1. Mahalaga ang pagpapasalamat sa Diyos.

_________2. Nakapagbibigay kaginhawaan ang pusong mapagpasalamat.

_________3. Nagdudulot ng kabiguan ang hindi marunong magpasalamat.

_________4. Maganda ang naidudulot ng pagdadasal sa katawan ng taong puno ng pasasalamat.

_________5. Mas higit na nabiyayaan ang taong marunong magpasalamat sa Diyos.



## *Tuklasin*

**Panuto:** Basahin ang maikling tula sa ibaba. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

**Tingin sa Taas**

Tingin sa taas at magpasalamat sa biyaya,
sa mga bagay na ipinagkaloob Niya.
Sa bawat araw na ibinibigay upang lumigaya,
sa pagkakataong bumangon sa bawat umaga.

Tingin sa taas at masdan gandang walang kapantay,
sa mundong ginagalawan, mundong nagbibigay-buhay.
Sa yaman ng kalikasang kaniyang ibinibigay,
upang magkaroon ang buhay ng kakaibang kulay.

Tingin sa taas at pasalamatan ang mga nilalang,
mga taong itinatanggi, minamahal mong tunay.
Marami man o kakaunti ang kanilang bilang,
biyaya ang kanilang pagkalingang walang kapantay.

Tingin sa taas, wala kang katulad, o Diyos,
sa mga ibinibigay mo, ramdam ko'y lubos.
Mula sa maliliit at malalaking regalo na mula sa 'yo
isang malaking pasasalamat ang laging handog ko.

*Source:* "Tula Tungkol Sa Pasasalamat Sa Diyos" *panitikan,accessed December 10, 2020,panitikan.com.ph/tula-tungkol-sa-pasasalamat-sa-diyos*

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang mensahe ng tula?

___________________________________________

___________________________________________

2. Ano-ano ang mga biyayang maaaring ipagpasalamat natin sa Diyos?

___________________________________________

___________________________________________

3. Para sa iyo ano ang pinakamahalagang regalo ng Diyos sa tao? Bakit?

___________________________________________

___________________________________________



## *Suriin*

**Tandaan**

Ang pagiging mapagpasalamat ay tanda ng isang taong puno ng kagalakan sa puso at binibigyang halaga ang biyayang natatanggap. Iniiwasan ang mga nakapagdudulot ng negatibo at tinutoon lamang ang sarili sa mga makabuluhang bagay. Ang pagsasabuhay ng pagbibigay pasalamat sa Diyos ay tunay na kasiya-siya at kapuri-puri. Nakapagpapagaan ito ng ating kalooban dahil kinikilala natin ang Diyos at Siya lamang ang kapuri puri sa buong sanlibutan.

Pagkagising ay magpasalamat sa Panginoon sa isang panibagong araw, sa tuwing nasa harap ng hapag kainan ay huwag kalimutanng magpasalamat sa mga biyayang natanggap sa araw-araw. Gumawa ng kabutihan sa kapwa ng walang hinihintay na kapalit at huwag kalimutang magsimba tuwing araw ng pagsasamba sa Panginoon.


Isa sa mga paraan ng pagpapahayag ng pasasalamat sa Diyos ay ang pagbabahagi ng mga natanggap na mga biyaya sa kapwa natin lalo na sa mga kapus- palad at sa mga nasalanta ng mga kalamidad o delubyo. Ang pagbibigay papuri, pasasalamat sa Diyos, at pagbabahagi ng ng mga biyayang natamasa mula sa Kanyang kabutihan ay tanda ng pagiging mapagpasalamat sa Diyos.



## *Pagyamanin*

.

**Panuto**: Punan ng mga gawi ng mga taong mapagpasalamat sa Diyos. Isulat ang iyong sagot sa mga kahon na makikita sa ibaba.





## Isaisip

**Panuto**: Tingnan ang mga larawan sa ibaba at hanapin dito ang mga tinutukoy sa mga pahayag. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

____________1. Ang pagbabahagi sa *love drive* ay tanda ng isang taong puno ng pasasalamat sa pamamagitan ng paghahandog ng kanilang mga biyaya sa higit na nangangailangan

____________2. Pagsamba at pasasalamat sa Diyos.

____________3. Ang pasasalamat sa ating Ama sa Langit na ipinapahayag sa panalangin ay nakapagdadala ng kapayapaan.


____________4. Palaging magpasalamat sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan sa kapwa ng walang hinihintay na anumang kapalit.

____________5. Ang panalangin sa hapag kainan ay pagbibigay pasasalamat sa biyayang kaloob ng Diyos.


A



B



C



D




E





## *Isagawa*

**Panuto:** Gumupit ng larawan na nagpapakita ng pamamaraan ng pasasalamat sa Diyos. Idikit ito sa loob ng kahon.



## *Tayahin*

**Panuto**: Basahin ang bawat pangungusap sa ibaba. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sina Elmer at Edwer ay nagtungo sa simbahan upang magdasal at magpasalamat sa Diyos dahil sila ay nakapasa sa pagsusulit.

   Kung kayo sina Edwer at Elmer, gagawin din ba ninyo ang kanilang ginawa? Bakit?

   A. Oo, dahil mayroon silang utang loob sa Diyos.
   B. Hindi, dahil sapat na ang resulta na sila ay nakapasa.
   C. Oo, dahil ang taong mapagpasalamat ay kinalulugdan ng Diyos.
   D. Hindi, dahil hindi sila marunong magdasal

2. Binigyan nina Joenel at Rebecca ang kanilang anak ng regalong bagong cellphone. Hindi natuwa si Eleazar dahil hindi niya gusto ang cellphone na regalo ng kanyang mga magulang.

   Tama ba ang ginawa ni Eleazar? Bakit?

   A. Tama, dahil hindi naman niya magagamit ang iniregalong cellphone.
   B. Mali, dahil dapat tayong magpasalamat sa lahat ng biyayang binigay sa atin.
   C. Tama, dahil siya ang gagamit ng cellphone at hindi ang kanyang mga magulang.
   D. Hindi, dahil pwede pa niyang ibenta ang cellphone kahit hindi niya ito gusto.

3. Lumago ang negosyo nina Menchu at Rael at umasenso ang kanilang buhay. Bilang pasasalamat sa mga biyayang natanggap nila sa Diyos, sila ay naglunsad ng *feeding program* para sa mga batang lansangan.

   Ang pamamahagi ng biyaya sa iba ay paraan ba ng pasasalamat sa Diyos? Bakit?

   A. Ang pamamahagi ng biyaya sa iba ay maling gawi dahil madaling maubos ang iyong pera.
   B. Ang pamamahagi ng biyaya sa iba ay tamang gawi dahil ito ay nagpapakita ng pagiging mapagsalamat sa mga natanggap na biyaya sa Diyos.
   C. Ang pamamahagi ng biyaya sa iba ay maling gawi dahil ito ay nagtuturo lamang sa mga tao para maging tamad at aasa nalang sa mga ibinibigay sa kanila.
   D. Ang pamamahagi ng biyaya sa iba ay tamang gawi dahil ikaw ay sisikat sa facebook at makakuha ng maraming friend request, likes at komento.

4. Si Gng. Rosa Tan ay lingkod bayan at kapopromote lamang niya sa kanyang tungkulin. Bilang pasasalamat sa biyayang natanggap, nagbigay siya ng donasyon sa Damayan Foundation gamit ang perang kinuha niya sa opisina.

   Kung ikaw ay kaibigan ni Gng. Rosa Tan, paano mo sasabihin sa kanya na mali ang kanyang paraan ng pagpapasalamat sa Diyos?

   A. Sasabihin ko sa kanya na maghahati kami sa perang kanyang ginamit.
   B. Sasabihin ko sa kanya na ang paggamit ng pera ng iba ay isang uri ng pagnanakaw.
   C. Sasabihin ko sa kanya na magagalit ang iba niyang mga kaibigan dahil hindi sila nabahagian.
   D. Sasabihin ko sa kanya na dapat magbahagi siya sa simbahan upang mabawasan ang kanyang kasalanan.

5. Sina Jerley at Marjun ay sumali sa Centennial Jamboree ng Boy Scout. Dahil sa kagalingang ipinakita nila ay ginawaran sila ng parangal.

   Paano mo maipapakita ang pagpapasalamat sa Diyos sa biyayang natanggap?

   A. Pupunta sa simbahan at magpasalamat sa Diyos.
   B. Ililibre ko ang aking mga kaibigan.
   C. Pupunta kami sa dagat para mag-party.
   D. Magpapabili ng mamahaling sapatos bilang gantimpala sa sarili.



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sumulat ng sariling panalangin na nagpapasalamat sa Diyos na bumubuo ng limang pangungusap.

**<u>Ang Aking Taos Pusong Pasasalamat Sa Diyos</u>**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

### Rubrics sa Pagmamarka

| MgaBatayan | Antas ng Pagmamarka | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 | 2 |
| 1.Nilalaman | Limang Puntos kung ang Panalangin ay binubuo ng limang pangungusap. | Apat na puntos kung ang Panalangin ay binubuo ng tatlo hanggang apat na pangungusap. | Tatlong puntos kung ang Panalangin ay binubuo ng isa hanggang dalawang pangungusap. | Dalawang puntos kung hindi nakabuo ng Panalangin |
| 2. Kalinisan ng Pagkasulat | Malinis ang pagkasulat | Di gaanong malinis ang pagkasulat | Maraming pagkakamali sa pagkasulat | Walang naisulat |



## *Sanggunian*

Tula Tungkol Sa Pasasalamat Sa Diyos” *panitikan,accessed December 10, 2020,panitikan.com.ph/ tula-tungkol-sa-pasasalamat-sa-diyos*

Ylarde, Zenaida R. and Gloria A. Peralta, EdD. Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon (Batayang Aklat). Quezon City, Philippines. Vibal Group, I

**Mga bumubuo ng Modyul para sa Mag-aaral**

**Mga Manunulat: JOY P. ICAO**
Teacher – I
Titay NHS, Titay District
Zamboanga Sibugay Division

**JINLY J. ENOPIA**
Teacher – I
Titay NHS, Titay District
Zamboanga Sibugay Division

Editor: Randolf O. Morada
Ma. Lilia E. Fernandez
Maricris T. Pantollana

Tagasuri: Maricel L. Tercio
Ronald K. Manlupig

Mona Lisa M. Babiera, Ed.D - EPS
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:
Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*
Aurelio A. Santisas
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
Jerry C. Bokingkito
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*